May suporta para sa natanggal sa trabaho at nawalan ng tirahan, sumangguni muna sa kinauukulan!

Sa mga walang matutuluyan at kinakailangang lisanin na ang kasalukuyang tinitirahan

◆ Maaring makahiram mula sa pondo para sa pagpapanatili ng matatag na paggawa

Ang mga panimulang bayarin para sa paglipat ng tirahan ay ipahihiram sa mga taong walang matutuluyan dahil sa pagkatanggal sa trabaho.

【Para sa】

Natanggal sa trabaho sa loob ng isang taon batay sa desisyon ng kanilang employer
Masigasig maghanap ng trabaho at makapag-umpisang mamasukan
Walang ipon sa bangko at ari-arian
May sariling pamilyang umaasa para sa kanilang ikabubuhay

【Detalye sa pagpapahiram】

Mga bayarin sa paglipat ng tirahan：¥ 500,000 ang maximum
Tulong sa Renta ng bahay：Aktwal ng gastos（¥60,000×6 na buwan ang maximum）
Araw-araw na gastusin：halagang kinakailangan（¥150,000×6 na beses ang maximum）

◆ Tulong sa pabahay

Magkakaloob ng housing allowance hanggang 6 na buwan para sa mga natanggal sa trabaho at walang matutuluyan（Ang halaga ay maaring magbago ayon sa lugar na titirahan）

【Para sa 】

Nawalan ng trabaho sa loob ng dalawang (2) taon
May kakayahan at masigasig maghanap ng trabaho, may hangaring makapagumpisang mamasukan at nag-aplay sa Hello Work
May sariling pamilyang umaasa para sa kanilang ikabubuhay
Bilang isang patakaran, ito ay para sa mga walang pinagkakakitaan o sahod na tinatanggap
Ang kinikita ng bawat miyembro ng pamilyang kasamang naninirahan kahit na may pansamantalang kinikita ay hindi dapat hihigit sa halagang ¥84,000 sa loob ng isang buwan para sa isang sambahayan. Sa pagkakataong higit pa sa isang pamilya ang nakatira sa isang sambahayan ang pinagsama-samang kita nila ay hind dapat hihigit sa ¥172,000.
Kahit na may ipon sa banko, ito ay hindi dapat hihigit sa ¥500,000 para sa pinagsamang ipon ng miyembro ng pamilyang sama-samang naninirahan bilang isang sambahayan . Sa pagkakataong higit pa sa isang pamilya ang nakatira sa isang sambahayan ang pinagsama-samang ipon nila ay hind dapat hihigit sa ¥1,000,000

Para sa mga natapos na ang pagtanggap ng Unemployment Insurance ngunit hindi pa nakahanap ng trabahong mapapasukan at nahihirapan sa pamumuhay

◆ Pagsasanay at benepisyong suporta para sa pamumuhay

Kung ang mga taong hindi tumatanggap ng unemployment insurance ay magpapasailalim sa isang Job Training sa pamamagitan ng Hello Work, makakatanggap ng benepisyo para sa suporta sa pamumuhay habang nagsasanay.

【Para sa】

May sariling pamilyang umaasa para sa kanilang ikabubuhay
May sahod na hindi hihigit sa ¥2,000,000 sa loob isang taon at kung pagsama-samahin ang sahod ng lahat ng miyembro ng pamilya ito ay hindi hihigit sa ¥3,000,000
Kapag isinama ang pinansyal na ari-arian ng lahat, ito ay hindi hihigit sa ¥8,000,000
Maliban sa kasalukuyan tinitirahan ay wala ng iba pang pag-aaring bahay

【Detalye sa matatanggap】

Para sa mag-isang naninirahan ¥100,000 kada buwan、
para sa may mga dependents ¥120,000 kada buwan.

◆ General assistance loan

Magpapahiram ng perang gugulin para sa ikabubuhay ng mga taong gipit sa pangaraw-araw na pamumuhay dahil sa kawalan ng trabaho, samantalang malimit ang pagbibigay ng payo at suporta hanggang sa mairaos nila muli ang kanilang pamumuhay. (Hanggang 1 taon)

【Para sa】

May tinutuluyan tahanan o kaya ay may inaasahang tiyak na matitirahang bahay.

Hindi makakatanggap ng pampublikong benepisyo, loan o pagpapautang at di kayang matustusan ang panggastos sa pamumuhay.

【Detalye sa pagpapahiram】

Panggastos a pamumuhay：Isang sambahayan ¥150,000 kada buwan,
higit sa isang sambahayan hanggang ¥200,000 kada buwan

Panggastos para sa paglipat：hindi hihigit sa ¥400,000

Para sa mga nakapag-aplay na sa mga ibat-ibang sistema para sa pampublikong benepisyo at pagpapahiram ng pera ngunit walang matitirahan at nahaharap sa kagipitan sa pangaraw-araw na pamumuhay.

◆ Provisional exemption relief loan

May nakalaang pondong mahihiram upang gugulin sa mga pangunahing bayarin para sa pamumuhay ng mga natanggal sa trabaho at nawalan ng tirahan na kung saan sila ay nakapag-aplay na sa alinmang sistema para sa pampublikong benepisyo at pagpapahiram ng pera.

【Para sa】

Mga nahihirapan sa pamumuhay habang hinihintay ang simula ng pagtanggap ng benepisyo mula nang tinanggap ang aplikasyon para sa sistema ng pagbibigay ng benepisyo at pagpapahiram ng pera.

May sariling bank account

【Kondisyon sa pagpapahiram】

Credit Limit：Hanggang ¥100,000　Joint Guarantor：Hindi kinakailangan　Ineterest：Walang interest

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa:

Konsultasyon sa wikang banyaga

Tagalog (Lunes-Biyernes 9:00～3:45pm)

■Gifu Development and Promotional Office　058-264-1111 (ext 214)

■Chuno Region Development and Promotional Office　0574-25-1858